# COVID-19 Public Update - ika-1 Abril 2020

**Mga Pangunahing Puntos**

**Update mula sa KEMH:**

Pinapaalam namin sa publiko nasa nagkaroon tayo ng batang pasyente sa ospital na may kaparehong sintomas ng COVID-19 na naisalang sa ventilator. Ikinatutuwa naming ipaalam sa inyo na natanggap namin ang resulta ng pagsusuri mula sa UK at siya ay walang COVID-19. Ito ay magandang balita.

Ang bata ay may ibang malubhang viral respiratory infection at siya ay kasalukuyang nang ginagamot. Ipinapaalam namin na mula sa umagang ito ay tinanggal na ang kanyang ventilator at humihinga na sa kanyang sarili, gayunpaman hindi pa rin mabuti ang kanyang kalagayan.

Kahapon ay natanggap namin ang resulta ng pagsusuri ng 29 na specimen na ipinadala sa UK - lahat ay lumabas na negatibo.

Kasalukuyang inaantay pa ang resulta ng 30 na specimen at inaasahan naming makuha ang resulta nito ngayong araw.

Ang iba pang specimen ay babalik sa sa susunod na Airbridge na naka-schedule paalis papuntang UK.

Isang pasyente ang na-admit na may kaparehong COVID-19 na may problema sa paghinga, mula sa MPA kahapon, pagkatapos itong isalang sa x-ray at kasalukuyang binabantayan bilang agarang pag-iingat sa isang isolation area sa ospital. Ang pasyente ay hindi pa nilagyan ng ventilator. Ang mga specimens na kinuha sa kanya ay ipinadala na sa UK para sa pagsusuri.

Kinukumpirma rin ng KEMH na ang isang mangingisda ay inilipad na gamit ang medevac papuntang Chile kahapon, at ito ay may malubhang tama sa ulo na nangangailangan ng kumplikadong operasyon mula sa isang dalubhasa.

**Pagpapanatiling malakas ng ating koneksyong pangdagat:**

Kinukumpirma ng Gobyerno ng Falkland Islands na ang shipping services na nagsusuplay ng mga kalakal sa Falkland Islands ay nananatiling normal at ang mga major suppliers ay umaasa sa bagong stock na dumating ngayong Abril, tulad ng pinlano.

Ang iba pang mga orders ay inaasahang dumating ng ayon sa naka-schedule na shipping dates. Bagaman ang ibang mga items ay kasalukuyang hindi available dahil sa kakaibang mga pattern ng pagbili, karamihan ng mga stock ay nasa normal na level, na para sa mga

pangunahing suppliers ay sapat na sa mga susunod na isa hanggang tatlong buwanang benta o sales.

Ang mga lokal na suppliers at nag ooperate na sa katapusan ng long supply chain at may kakayahan sa pag-forecast o pagtataya ng demand at maagang pamamahala ng stock levels.

Itutuloy ng FIG ang pakikigagugnayan sa sektor ng pagnenegosyo at logistic partners para mapanatiling matatag ang ating supply links.